PAGSAGOT SA ISANG APLIKASYON PARA SA KAUTUSANG PAMPROTEKSYON

Mga pagpipilian o mga opsyon para sa mga taong nananagot sa isang aplikasyon para sa Kautusang Pamproteksyon.

KUNG IKAW AY HINDI HAHARAP SA HUKUMAN:

Ang hukuman ay maaaring gumawa ng kautusang pamproteksyon kahit na ikaw ay hindi humarap.

KUNG IKAW AY HAHARAP SA HUKUMAN IKAW AY MAAARING:

1. Sumang-ayon sa paggawa ng kautusang pamproteksyon at ang Mahistrado ang gagawa ng huling takdang kautusang pamproteksyon; Ikaw ay maaaring sumang-ayon sa paggawa ng isang kautusang pamproteksyon ngunit hindi mo aaminin ang anumang mga pangyayaring laban sa iyo na nasa aplikasyon. Ito ay tinatawag na ‘ pagpayag nang walang pag-amin’; o
2. Kung ikaw ay hindi nagkaroon ng oras na humanap ng ligal na payo, ikaw ay maaaring humiling ng pagpapaliban sa ibang petsa. Sa petsa ng pagpapaliban maaari mong sabihin sa hukuman kung ikaw ay sumasang-ayon o hindi sumasang-ayon sa paggawa ng isang kautusang pamproteksyon; o
3. Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa paggawa ng isang kautusang pamproteksyon, sabihin ito sa Mahistrado at ang petsa ng paglilitis ay itatakda. Sa petsa ng paglilitis, ikaw ay maaaring magbigay ng ebidensya kung bakit ang isang kautusang pamproteksyon ay hindi dapat na gawin at magsama ng sinumang mga testigo o magdala ng ebidensya na gusto mong pagbatayan.

PAKI TANDAAN:

Inirerekomenda na ikaw ay kumuha ng ligal na payo bago ka sumang-ayon sa isang kautusan o bago humiling ng petsa ng paglilitis.

Kung ang isang kautusang pamproteksyon ay ginawa, ikaw ay hindi magkakaroon ng talang pangkriminal kung susundin mo ang mga kondisyon ng kautusan.

Gayon pa man, ang isang nahatulang pagkakasala sa paglabag sa kautusang pamproteksyon ay isang kasong kriminal.

Ang huling takdang kautusang pamproteksyon ay karaniwang tumatagal ng dalawang taon. Ang isang pansamantalang kautusan ay maaaring gawin kapag ang isang aplikasyon ay binanggit sa hukuman at maaaring tumagal hanggang sa susunod na petsa ng pagbanggit o sa pagdinig ng isang aplikasyon.

Legal Aid QUEENSLAND

Ang walang bayad na ligal na payo ay makukuha buhat sa Pang-impormasyong Serbisyo sa Kliyente ng Legal Aid Queensland: ✆ **1300 65 11 88**